



## Kanlurang Sentro sa Mga Operasyon sa Larangan ng Sakuna

**Petsa ng Paglabas:** Setyembre 8, 2023

**Numero ng Paglabas:** HI 18061-07

**Kontak sa Media:** Mark W. Randle, (916) 735-1500, [Mark.Randle@sba.gov](mailto:Mark.Randle@sba.gov)

**I-follow kami sa** [Twitter](#), [Facebook](#), [Blogs](#) & [Instagram](#)

### **Magbubukas ang SBA ng Sentro sa Pag-recover ng Negosyo sa Kapa'a para Matulungan ang Mga Negosyong Naapektuhan ng Wildfires sa Maui**

### ***Magbubukas ang Sentro sa Pag-recover Kasunod ng Kamakailang Pinalawak na Tulong sa Sakuna para sa Hawaii***

**SACRAMENTO, Calif.** – Nakipag-partner sa Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo ng U.S. sa Sentro sa Pag-develop ng Maliit na Negosyo ng Hawaii para magbukas ng Sentro sa Pag-recover ng Negosyo ng SBA sa Kapa'a noong Lunes, Setyembre 11, para magbigay ng maraming iba't ibang serbisyo sa maliliit na negosyong naapektuhan ng wildfires sa Maui na nagsimula noong Ago. 8. Kasunod ang pagbubukas ng Kapa'a ng kamakailang pinalawak na deklarasyon ng Administrasyong Biden na payagan ang maliliit na negosyo sa lahat ng limang county ng Hawaii na ma-access ang tulong sa sakuna na nauugnay sa wildfire.

“Dahil sa matinding pinsala sa ari-arian sa Maui at pagkalugi sa ekonomiya na idinulot ng wildfires sa maliliit na negosyo sa buong Hawaii, gusto naming ibigay ang bawat available na serbisyo para matulungan silang makabangon muli,” ayon kay Director Jeffrey Lusk ng Kanlurang Sentro sa Mga Operasyon sa Larangan ng Sakuna ng Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo ng U.S. “Magbibigay ang sentro ng one-stop na lokasyon para sa mga negosyo para ma-access ang iba't ibang nakaayon na tulong. Magiging available ang mga kinatawan ng serbisyo sa customer ng SBA na makipagkita nang paisa-isa sa bawat may-ari ng maliit na negosyo para ipaliwanag kung paano makakatulong ang pautang sa sakuna ng SBA na matustusan ang kanilang pag-recover,” dagdag pa niya. Hindi kailangan ng appointment. Walang bayad ang lahat ng serbisyo. Magbubukas ang sentro ayon sa naka-indicate sa ibaba.

#### **COUNTY NG KAUAI**

Ang bagong lugar para sa komunidad ng Pederal na Credit Union ng Kaua'i sa Kapa'a  
(dating building ng Otsuka Furniture)

[1624 Kuhio Highway](#)  
[Kapa'a, HI 96746](#)

***Magbubukas ng 1 p.m. Lunes, Setyembre 11***

Lunes - Sabado, 9 a.m. - 6 p.m.

Makikipagpulong ang mga kinatawan ng SBA sa bawat may-ari ng negosyo para ipaliwanag kung paano makakatulong ang pautang sa sakuna ng SBA na matustusan ang kanilang pag-recover.

Sasagutin nila ang mga tanong tungkol sa programang pautang sa sakuna ng SBA, ipapaliwanag ang proseso ng aplikasyon, at tutulungan ang bawat may-ari ng negosyo na kumpletuhin ang kanilang elektronikong aplikasyon sa pautang.

Gaya ng naunang inanunsyo ng SBA, available pa rin ang mga kinatawan ng SBA sa mga sumusunod na Sentro sa Pag-recover ng Negosyo sa Honolulu, Kihei at Lahaina para magbigay ng impormasyon tungkol sa mga pautang sa sakuna ng SBA at tulong sa negosyo sa mga petsa at oras na naka-indicate.

#### **COUNTY NG HONOLULU**

Sentro sa Pag-recover ng Negosyo  
Hawaii Foreign-Trade Zone Number 9  
[521 Ala Moana Boulevard, Suite #201, Pier 2](#)  
[Honolulu, HI 96813](#)

Lunes – Sabado, 9 a.m. – 6 p.m.

#### **COUNTY NG MAUI**

Sentro sa Pag-recover ng Negosyo  
Korporasyon sa Pag-develop ng Teknolohiya sa Hawaii  
Sentrong Teknikal sa Pananaliksik ng Maui  
Building #A, Suite 119 (Conference Room)  
[590 Lipoa Parkway](#)  
[Kihei, HI 96753](#)

Lunes – Biyernes, 8 a.m. – 5 p.m.  
Sabado, 10 a.m. – 2 p.m.

#### **COUNTY NG MAUI**

Sentro ng Outreach para sa Portable na Pautang  
Maui Resorts Rentals  
[30 Halawai Drive](#)  
[Lahaina, HI 96761](#)

Lunes – Sabado, 9. a.m. – 5 p.m.

**Ang mga may-ari ng bahay, nangungupahan at may-ari ng negosyo mula sa Maui na nawalan ng tirahan dahil sa wildfires sa Maui**, at maliliit na negosyo sa buong Hawaii na may mga pangangailangan sa kapital na dulot ng wildfires sa Maui ay puwede ring bumisita sa mga sentro para makipagkita sa mga kinatawan ng SBA at mag-apply para sa mga pautang sa sakuna.

Ayon sa Interim State Director na si Joseph Burns, puwedeng magbigay ang mga tagapayo sa negosyo ng Sentro sa Pag-develop ng Maliit na Negosyo sa Hawaii ng tulong sa negosyo sa mga kliyente sa maraming iba't ibang uri ng usapin na idinisenyo para matulungan ang mga may-ari ng maliliit na negosyo na muling makapagtatag ng kanilang mga operasyon, ma-overcome ang mga epekto ng kalamidad, at magplano para sa kanilang hinaharap.

“Kabilang sa mga serbisyo ang pag-assess ng mga pangangailangan sa kapital ng negosyo, pagsusuri sa lakas ng negosyo, mga projection ng daloy ng pera, at higit sa lahat, pagsusuri ng mga opsyon kasama ang may-ari ng negosyo para matulungan silang suriin ang kanilang mga alternatibo at gumawa ng mga desisyon na naaangkop para sa kanilang sitwasyon,” saad ni Burns.

Para sa maliliit na negosyo, kooperatiba sa agrikultura, negosyong nakikibahagi sa aquaculture, at karamihan ng mga pribado, mga nonprofit na organisasyon sa anumang laki, nag-aalok ang SBA ng Pang-ekonomiyang Pinsala na Pautang sa Sakuna para tumulong na matugunan ang mga pangangailangan sa kailangan na kapital na dulot ng kalamidad. Available ang Pang-ekonomiyang Pinsala na Pautang sa Sakuna nakaranas man o hindi ng anumang pinsala sa ari-arian ang negosyo.

Ang mga rate ng interes ay 4 na porsyento para sa mga negosyo, 2.375 porsyento para sa mga pribadong nonprofit na organisasyon na may mga tuntuning hanggang 30 taon. Itinakda ng SBA ang mga halaga at tuntunin ng pautang at nakabatay sa kalagayang pinansyal ng bawat aplikante. Hindi magsisimulang maipon ang interes hanggang 12 buwan mula sa petsa ng unang disbursement ng pautang sa sakuna. Magsisimula ang pagbabayad ng pautang sa sakuna ng SBA 12 buwan mula sa petsa ng unang disbursement.

Puwedeng mag-apply online ang mga aplikante, makatanggap ng karagdagang impormasyon sa tulong sa sakuna at mag-download ng mga aplikasyon sa <https://www.sba.gov/hawaii-wildfires>. Puwede ring tumawag ang mga aplikante sa Sentro sa Serbisyo sa Customer ng SBA sa (800) 659-2955 o mag-email sa [disastercustomerservice@sba.gov](mailto:disastercustomerservice@sba.gov) para sa karagdagang impormasyon sa tulong sa sakuna ng SBA. Para sa mga taong bingi, mahina ang pandinig, o may kapansanan sa pagsasalita, paki-dial ang 7-1-1 para ma-access ang mga serbisyo ng telecommunications relay. Dapat ipadala ang mga nakumpletong aplikasyon sa Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo ng U.S., Sentro ng Pagproseso at Pag-disburse, 14925 Kingsport Road, Fort Worth, TX 76155..

Oktubre 10, 2023 ang deadline para mag-apply para sa pinsala sa ari-arian at Mayo 10, 2024 naman para sa pag-apply para sa pinsala sa ekonomiya.

###

### **Tungkol sa Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo ng U.S**

Tinutulungan ng Pangangasiwa ng Maliit na Negosyo ng U.S. na palakasin ang pangarap ng Amerika sa pagmamay-ari ng negosyo. Bilang tanging mapagkukunan at boses para sa maliliit na negosyo na sinusuportahan ng lakas ng pederal na pamahalaan, binibigyang kapangyarihan ng SBA ang mga negosyante at may-ari ng maliliit na negosyo gamit ang mga mapagkukunan at suporta na kailangan nila para magsimula, lumago, mapalawak ang kanilang mga negosyo, o makabawi mula sa napagdaanang sakuna. Naghahatid ito ng mga serbisyo sa pamamagitan ng malawak na network ng mga field office ng SBA at pakikipagsosyo sa mga pampubliko at pribadong organisasyon. Para matuto pa, bisitahin ang [www.sba.gov](http://www.sba.gov).